Pagtanggal ng Serbisyo ng mga Tangke ng Pang-init na Langis sa Tirahan

Na-update noong Oktubre 2021

Inaatas ng Seksyon 5704.2.13 ng Lupon ng Mga Batas sa Sunog (Fire Code) ng Seattle na tanggalin sa sahig o sa abandunadong lugar ang mga tangke at tubo ng mga tangkeng pang-init ng langis na hindi na nagagamit sa loob ng isang taon o higit pa.

Inaatas din ng Seksyon 105.6.18 ng Lipon ng Mga Batas sa Sunog ng Seattle na kumuha ng permit para tanggalin, abandunahin, pansamantalang hindi gamitin o kaya ay itapon ang isang tangkeng pang-init ng langis.

Mga Permit—Proseso at Gastusin

Bago tanggalin ang bawat tangkeng pang-init ng langis na nasa ilalim ng lupa, dapat kumuha ng Lupon ng Mga Batas sa Permit 6103—Pagtanggal sa Tangkeng Pang-init ng Langis sa Mga Tahanan (Residential Heating Oil Tank Decommissioning) mula sa Seattle Fire Department. Ibinibigay ang mga permit sa tao o kontraktor na nagsasagawa ng trabaho, ayon sa isinaad sa aplikasyon ng permit. Hindi ibinibigay ang mga permit sa may-ari ng ari-arian, maliban kung ang taong iyon ay sertipikadong magtanggal at siya ang nagsasagawa ng trabaho.

I-download ang mga form ng aplikasyon at mag-email sa permits@seattle.gov pagkatapos ay magbayad gamit ang credit card online. O kaya ay ipadala ang mga nasagutang aplikasyon kasama ang inyong tsekeng nakapangalan sa "City of Seattle" sa:

Seattle Fire Department
Fire Prevention Division - Permits
220 Third Avenue South, 2nd Floor
Seattle, WA 98104-2608

Ang mga nasagutang aplikasyon para sa permit ay ipoproseso, tatatakan ng *Inaprubahan para Iproseso (Approved to Proceed)* at ibabalik sa aplikante kasama ang Form ng Pag-ulat sa Pagtanggal sa Tangkeng Pang-init ng Langis (Heating Oil Tank Decommissioning Report Form).

PAALALA: Walang ibibigay na permit matapos maisagawa ang pagtanggal sa tangke. Hindi maaaring simulan ang trabaho hangga't walang natatanggap ang aplikante na aplikasyon para sa permit mula sa Fire Department na natatakan ng *Inaprubahan para Iproseso (Approved to Proceed)*.

Mga Iniatas ng Lupon ng Mga Batas sa Sunog ng Seattle

Hindi maaaring simulan ang pag-aalis hangga't walang natatanggap ang aplikante na aplikasyon para sa permit na natatakan ng *Inaprubahan para Iproseso*. Ang pagtanggal ay dapat isagawa, o direktang pangasiwaan, ng isang indibiduwal na sertipikado ng International Code Council (ICC) bilang tagatanggal ng tangkeng imbakan sa ilalim ng lupa (underground storage tank o UST).

Dapat magsumite ng kopya ng kasalukuyang certificate ng ICC ang indibiduwal sa Seattle Fire Department. Ang sertipikadong tagatanggal ng ICC -ay dapat na nasa lokasyon ng tangke sa kabuuan ng operasyon sa pag-aalis. Ang kinakailangang ito ay nalalapat sa pagtanggal at pag-abanduna sa tangke.

Ang pagtanggal at pag-abanduna sa isang lugar ay mga paraan ng pagtanggal para sa mga layunin ng Lipon ng Mga Batas sa Sunog ng Seattle. Kung pipiliin ang pag-abanduna sa isang lugar bilang paraan ng pag-aalis, dapat punuin ang tangke ng solidong materyal (hal. buhangin, concrete slurry, foam, atbp.). Kapag nag-aabanduna ng tangke sa isang lugar, dapat na hugasan at banlawan nang tatlong beses ang loob ng tangke para walang maiwang produkto at putik hangga't maaari. Dapat suriin nang mabuti ng mga aplikante ang mga mapapakinabangan nila sa kanilang mga pagpipilian bago pumili ng paraan ng pag-aalis. Ang mga tangkeng pinaghihinalaang tumatagas ay dapat na alisin sa sahig sa halip na abandunahin. Hindi mahuhulaan ng Seattle Fire Department, at hindi susubukang hulaan, kung anong mga regulasyon sa hinaharap ang maaaring mag-atas ng mga

tangkeng inabanduna sa ilalim ng kasalukuyang alituntunin. Ang isang tangkeng inabanduna ngayon ay maaaring kailangang tanggalin kalaunan nang may dagdag na gastusin at posibleng panganib.

Ang Seattle Fire Department *Heating Oil Tank Ang Form sa Pag-ulat ng Pagtanggal (Decommissioning Report Form)* kasama ng inaprubahang permit ay dapat na sagutan ng tagatanggal ng Tangkeng Imbakan sa Ilalim ng Lupa (UST) na sertipikado ng ICC -na nagsasagawa o nangangasiwa sa trabaho. Ang form na ito ay dapat na ibalik sa Fire Department ng sertipikadong tagapag-dekomisyon ng ICC sa loob ng 30 araw matapos ang pagdekomisyon.

Para madokumento ang pagtanggal ng tangke, dapat magtabi ang may-ari ng ari-arian ng kopya ng *Form sa Pag-ulat ng Pagtanggal sa Tangke (Tank Decommissioning Report Form)* at ng aplikasyon para sa permit na natatakan ng *Inaprubahan para Iproseso*, pati na rin ang lahat ng resibo, sertipikasyon at mga nakasulat na materyal na nauugnay sa proyekto.

Hindi inaatas sa Lupon ng Mga Batas sa Sunog ng Seattle na magsumite ng plano ng site o na kumuha ng mga sampol ng lupa. Gayunpaman, ang may-ari ng ari-arian o ang tagapagpatakbo ay maaaring may iba pang mga obligasyon, kasama ang, pero hindi limitado sa mga kinakailangan sa pagkatapon o pagtagas at paglilinis sa ilalim ng mga batas na pangkapaligiran o iba pang batas bukod sa Lupon ng Mga Batas sa Sunog ng Seattle. Halimbawa, kung tumagas ang isang tangke, ang Washington State Department of Ecology ay may mga inaatas sa pag-uulat- batay sa lawak ng kontaminasyong nakita. Makakaugnayan ang Northwest Regional Office of the Department of Ecology sa (425) 649-7000. Walang ibinibigay na paghahayag ang Seattle Fire Department tungkol sa pagpapatupad ng anupamang batas, at responsibilidad ng may -ari ng ari-arian o tagapagpatakbo na tukuyin kung anong mga batas ang nalalapat sa isang indibiduwal na kaso.

PAALALA: Responsibilidad ng tagatanggal na sertipikado ng ICC na nagsasagawa o nangangasiwa sa pagtanggal na magbigay ng kopya ng *Form sa Pag-ulat sa Pagdekomisyon ng Tangkeng Pang-init ng Langis (Heating Oil Tank Decommissioning Report Form)* sa may-ari ng property sa loob ng 30 araw matapos ang pagdekomisyon. Ang aplikante ng permit ay dapat na magbigay sa may-ari ng ari-arian ng kopya ng permit na natatakan ng *Inaprubahan para Iproseso*.

Sertipikasyon ng International Code Council

Para sa higit pang impormasyon at/o para makatanggap ng aplikasyon para maging Sertipikadong Tagatanggal ng UST ng ICC, makipag-ugnayan sa Certification Department ng ICC sa 1-888-ICC-SAFE (422-7233) o sa www.iccsafe.org. Magbibigay ang ICC ng candidate bulletin na nagbibigay ng mga detalye sa paghahanda sa eksaminasyon, pagsagot sa eksaminasyon, at pagkuha ng iyong certificate.

LEGAL NA PAGTANGGI: *Ang Memorandum ng Tulong para sa Kliyente (CAM) na ito ay hindi dapat gamitin bilang pamalit sa lupon ng mga batas at regulasyon.*